

PROLOGUE

Dapit-hapon. Papalubog na ang araw. Dalawang bata ang matatanaw sa tuktok ng isang burol, nakaupo sa lilim ng punong mangga. Si Sha-Sha, ang batang babae ay nakaduyan sa lumang sako ng bigas na nakatali sa sanga ng puno gamit ang matibay na lubid. Si Bochok, ang batang lalaki ay nasa nakausling ugat ng puno.

Nakabukas ang mga kamay ni Bochok, ikinukumpas at pinagbabaliktad upang ipakita na walang laman ang mga iyon.

“Walang kukurap!” anito, pilit pinalalaki ang matinis pa nitong tinig. “Hep, walang kukurap!”

Pagdaka’y pumalampak si Bochok, mabilis—isa, dalawang beses. Ginawa nitong kamao ang kanang kamay, samantalang sa ibabaw noon ay iwinagayway nito ang mga daliri ng kaliwa.

“Abra!” sigaw nito. “Cadabra! Sis boom bah!”

Muling ibinuka ni Bochok ang kanang palad.

Wala, napasimangot na saloob nito. Walang laman!

“Anak ng—”

“Tsk, palpak ka na nga, magmumura ka pa,” saway ng nag-iisang manonood nito. Humagikgik ang batang babae. “Hay naku, Bochok.”

Namaywang ang batang lalaki.

“*Nakow, esmyuskee* ho, Madam Sha-Sha,” eksaheradong pasubali nito, napalabi. Kinalkal ng bata ang medyo malago nitong buhok. “Nakakainis kasi. Paalis na nga ako’t lahat bukas, di ko pa rin magawa nang tama. ’Asan na ba ’yun?”

“Heto, o.” May pinulot si Sha-Sha na makinang na bagay sa damuhan. Isang singsing. “Tumalsik ’ata n’ung nag-a-abra cadabra ka d’yan na parang sira. O,” anang batang babae, iniabot iyon sa kalaro.

Umiling si Bochok.

“Wag na, ah, ipapahabilin ko rin naman sa ’yo ’yan, eh.”

“H-ha?” Napakurap si Sha-Sha. “Sa ’kin na ’to? Talaga? Seryoso?”

“Hinde, sira,” namumulang tanggi ni Bochok. “Habilin ang sinabi ko. *Habilin*,” diin nito. “Ibig sabihin, sa ’kin pa rin ’yan. Ipinauubaya ko lang sa ’yo hanggang sa balikan ki—h-hanggang sa balikan ko

kayo rito sa bahay-ampunan.” Tumikhim ito. “K-kaya pakaingatan mo ’yan palagi, ha, Sha? Itabi mo, o isuot mo sa daliri mo—”

“Siraulo. Paano ko isusuot ’to, eh, ang luwag?”

“Ikuwintas mo. Paki ko ba? Basta—”

“Lalo namang hindi magkakasya ’to sa leeg ko, ano!”

“Ewan ko sa ’yo.” Tinakpan ni Bochok ang sariling mukha. Pumikit. Nang muling idilat ng batang lalaki ang mga mata ay nakaumis na ito, banayad na tinutunghayan ang katabi. “Alam mo, Sha-Sha,” paseryosong saad nito, “ma-mi-miss kita. Puwera lang ’yang pamimilosopo mo.”

“Ikaw rin naman, eh,” balik ng kababata. “Ma-mi-miss din kita. Puwera ’yang pagka-madyikerong pulpol mo, Bok.”

“A-ah.” Muling napatikhim si Bochok. Inilipat ng bata ang tingin sa malayo, sa direksyon ng bahay-ampunan. “Eh, di ayos.”

Katahimikan.

“Sha-Sha...” pagdaka’y panimula ulit nito. “Alicia ang tunay na pangalan mo, di ba? Nakita ko d’un sa kuwaderno ni Sister.”

“Oo.” Dagling humigpit ang hawak ni Sha-Sha sa singsing. “Bakit ba?”

“W-wala lang,” ani Bochok. Nagkibit-balikat ito. “Maganda ’yung pangalan... kagaya mo. Bagay sa ’yo.”

“Gan’on?” Sa kung anong kadahilanan, nag-init ang mga pisngi ni Sha-Sha. “Eh, ikaw ba?” banat ng batang babae. “Ano ’yung totoong first name mo, Bok?”

“Ako?” Sa itinagal ng pamamalagi nila sa *Sisters of Mercy*, tanging sa mahahalagang dokumento lang ginagamit ni Bochok ang pangalang ibininyag sa kanya ng pari. “Rufus.”

“Rufus. Hmm.” Tumango-tango si Sha-Sha, ngumiti. “Bagay rin sa ’yo. Tunog magician, eh.”

“Sus.”

“Totoo,” giit ni Sha. “Kesa naman ang stage name mo, eh, *D’Amazing Bochok*, di ba? Yuck. Eew.” Umasta itong nasuka sa posibilidad. “Tama,” patuloy nito, animo’y naliwanagan, “mula ngayon, ‘Rufus’ ka na, Rufus!”

Si Bochok na hindi na ‘Bochok’ ay napangiti. “Puwes, kung gan’on, Alicia ka na dapat.”

“Sure.” Napasandal si Sha—si Alicia—sa duyan. Natahimik ito saglit, pagdaka’y kinausap muli ang kababata. “Rufus?”

“Hmm?”

“Babalik ka talaga, ha?”

“Siyempre. Sinabi ko na, di ba?”

Yumukod si Alicia. “Iingatan ko ’tong singsing ng inay mo,” patuloy ng bata, “kaya babalik ka, ha?”

“Oo nga sabi.” Nagpanata pa si Rufus. “Promise ’yon. Peksman, mamat—” Napapitlag ito. “T-teka, ’wag kang umiyak, ’oy! Sha... Ali—”

“S-siraulo,” pakli ng kalaro. Suminghot ito, pasimpleng kinuskos ang mga mata. “Sino’ng umiiyak? N-napuwing lang ako, ano!”

1

Kasalukuyan...

Nakaupo sa tabi ng dalawang mas nakababatang babae na kasalukuyang naka-glue ang mga mata sa TV screen si Alicia Dalisay, twenty-four years old, formerly ‘Sha-Sha’ ng *Sisters of Mercy*.

Suminghot ang dalaga.

“Hay, naku,” aniya. Gumulong pasa-langit ang bilugan niyang mga mata. Kinapa niya ang bandang itaas ng sariling dibdib.

“Shh!” magkasabay na saway ng dalawang kasama. Si Niña, mag-nu-nueve años come June, at ang beinte-uno años nitong Ate Kikay na kilala rin sa tawag na Cherry.

“*Mahal kita, Racquel,*” samantala’y sambit ng lalaking artista sa TV.

Nag-close-up ang camera sa mukha nito. Guwapong mukha. Pamilyar na mukha. Mukhang dagling nabalutan ng puting liwanag.

Sinundan iyon ng ilang mapuputing balahibong nangaglutang sa palibot ng screen, marahang

umuunday sa hangin na parang niyebe. Nag-pan ang view paatras, inilantad ang malahiganteng pares ng pakpak na tumubo sa likod ng binata.

Special effects, kahit ang isang batang tulad ni Niña ay alam iyon, ngunit mahusay umarte ang aktres na gumanap kay ‘Racquel’. Convincing ang kombinasyon ng pagkagulat at pagkamangha na rumehistro sa magandang mukha nito.

“Yeshua?”

Sa ganoong kapana-panabik na tagpo nagtapos ang latest episode ng *Color of Magic*. Pumasok ang fifteen-second preview ng sunod na episode at ang closing credits. Suma-ere ang *24-Patrol*, ang early evening news program ng *MBC*, pero hindi iyon ginawaran ng kaukulang pansin nina Niña at Cherry. Bagkus ay mas interesado pa ang dalawa na pag-usapan ang pinakabagong kabanata ng fantaserye na kanilang kapapanood lamang.

“Ayan!” matagumpay na sambitla ni Niña. Halos paugain ng bata ang inuupuang wheelchair sa sobrang excitement nito. “Ini-reveal na ni Yeshua na angel siya kay Racquel! Tama ang hula namin ni Mercy!”

“Pero sa tingin ko may twist, eh,” salungat ni

Cherry. “Kita mo d’on sa preview, parang walang ipinagbago ’yung pakikitungo ni Racquel sa kanya. You’d think na magiging wary si Racquel nang konti, considering na may pakpak pala si Yeshua, di ba?”

“Kailan pa ba ulit siya nagkapakpak?” tanong ni Alicia. Sa pagkakatanda niya kasi, ang Yeshua na iyon ng *Color of Magic* ay binawian ng pakpak bilang parusa sa pagiging arogante nito, o sa pambabalahura nito sa mga tao, or something. Ewan. Hindi naman kasi siya fan ng naturang palabas.

“Oo,” Cherry filled in. “Tbinalik ni San Pedro ’yung angel wings niya noong episode d’un sa MRT. ’Yon ’yung may tinulungan siyang ale na napaanak sa loob ng tren sa gitna ng pang-ho-hostage ni Nep Dimena, na lolo pala ng baby. As it turns out, kasi ’yung anak niyang lalaki na inabandona ng first love niya dati sa simbahan ay asawa pala ng aleng buntis.”

“Ha?”

“Basta! Mayroon nang pakpak si Yeshua ulit, meaning bumalik na rin ang ilan sa angel powers niya,” inip na summarize ni Cherry. “Hay, Alicia, araw-arawin mo na kasi ang panonood para hindi ka mahuli.”

“Siya nga, ’Te,” sang-ayon ni Niña. “Magtatapos

na kaya ang *Magic* next month. Baka marami kang ma-miss!”

Magtatapos na? Thank God.

Ngunit sapagkat batid ang damdamin ng mga ito hinggil sa palabas, pati na rin ang mutual crush ng dalawa sa guwapong bida nitong sugo umano ng langit, iniba na lamang ni Alicia ang topic.

“Speaking of next month,” buwelo niya, “ano ba’ng gusto mong gift para sa birthday mo, Niña?”

The child beamed. “Si Yeshua.”

Kumurap si Alicia. “Si Yeshua?”

“Opo.” Tumango si Niña. “Wish ko po na sana makapunta si Yeshua. ‘Rufus’ nga pala ’yung name niya in real life, ano? Sana makarating siya sa birthday party ko. Gumawa na nga kami ni Mercy ng card, eh.” Sumulyap ang bata sa bahagi ng silid na kinaluluklukan, presumably, ng imaginary friend nito. “Balak nga namin na ipa-*LBC* sana para matanggap ni Yeshua—ni *Kuya Rufus*—k’agad.”

“Naku, huwag na,” biglang sabat ni Cherry sa puntong iyon. “How about this? Kami na lang ng Ate Alicia mo ang personal na magde-deliver ng card n’yo kay Papa Rufus!” Napangiti ito. “Hindi mo kasi

naitatanong, Niña, pero 'tong si Alicia—”

“Cherry!”

Kumambyo ang tinawag.

“Ay, basta,” kibit-balikat na rebiso na lamang nito, “pag ’yang Ate Alicia mo ang nakiusap, sure akong masisilayan natin ang celestial gorgeousness ni ‘Yeshua’ sa kaarawan mo.”

Grateful man at hindi itinuloy ng kaibigan ang sasabihin, napakunot-noo pa rin si Alicia. Sobrang eksaherado ang paratang na iyon ni Cherry. Matagal na mula nang huli silang magkita ng kababata. Natitiyak niyang hindi siya makikilala ni Rufus sa itinagal ng panahon. Subalit ayaw niyang mapawi ang pag-asang kagyat na nagpaliwanag sa mukha ni Niña. Hindi na lamang siya nagsalita.

Wednesday. May 28.

He had taken the convertible—a *Jaguar XK8*, blue, fully paid in April of last year—because the road was relatively secluded. Nothing but trees, grass, and far-off rice fields for miles and miles around. Madalang ang mga sasakyan. Walang matatanaw na ibang tao sa gilid ng daan. He could therefore drive

with the top down for once, feel the wind whip up against his face, ruffling his clothes, his hair.

Maliwanag ang sikat ng araw. Maaliwalas at wala ni anino ng ulap ang asul na kalangitan. Naghalo ang artipisyal na amoy ng pine freshener sa dashboard ng kotse sa likas na amoy ng kakahuyan. Ang bouquet ng mga bulaklak—lilies of the valley, baby’s breath, yellow and white roses—ang nag-iisang pasahero niya sa backseat. Nangag-ungkutan naman sa loob ng glove compartment ang isang pares ng aviator sunglasses, tatlong complimentary movie tickets, at isang maliit na kahon ng chocolate truffles.

Payapa. Tahimik. Maaari niyang makalimutan, kahit saglit, na siya si Rufus Arcieri Espinosa, sikat na aktor, kasalukuyang isa sa pinaka-‘bankable’ na male talents na nakakontrata sa *MBC*. Ang matinee idol na lalo pang nag-skyrocket ang career salamat sa portrayal niya bilang ‘Yeshua de Dios’, ang bidang karakter ng top-rating na primetime drama na *Color of Magic*.

Sa liblib at paliku-likong kalsada na iyon, simpleng si Rufus lamang siya, twenty-four years old, ampong anak ng yumaong sina Vicente at Merceditas Espinosa. Ang binatang dati’y minsang pinangarap na maging totoong madyikero. Ang batang lalaking

noon ay mas kilala sa tawag na 'Bochok', hanggang sa araw na tuluyang umalis sa bahay-ampunan ng *Sisters of Mercy* kasama ang bago niyang mga magulang.

Heto siya pagkalipas ng labing-apat na taon. Just another dutiful son on his way to—

May nag-ring.

Napakunot-noo si Rufus. Iniwan niya ang lahat ng kanyang mobile phones sa apartment niya sa Quezon City. Kanina pa naka-off ang carphone ng sasakyan.

Nag-ring ulit. Following the sound, Rufus soon fished out a *Nokia* cellphone sa shotgun seat ng sasakyan, right beneath the hooded jacket that he had thrown there earlier. Inirapan niya ang naka-display na numero sa screen nito.

Tito H strikes again.

Walang-dudang ang kanyang manager ang naglagay roon beforehand sa loob ng kotse, craftily anticipating na walang babauning cell ang binata kung saan siya papunta.

Dinampot ni Rufus ang phone, pinindot ang *Call Accept*, saka terse na ibinulyaw roon, "Hindi ako pupunta!" Pinindot niya ulit ito. *End call.* Akmang

iiitsa na niya iyon pabalik sa upuan—o sa gilid ng daan—nang muli itong tumunog.

“Ang kulit—”

“Sir Rufus! Don’t hang up po! Please!”

Napapitlag siya. Si Jopet iyon, isa sa mga PA na nag-accompany sa kanya sa press con at London film premiere ng *Everything to Me*, ang romantic comedy na pinagbidahan niya with fellow *MBC* talent Leigh Ibarra. Kakabalik-Pilipinas lang nila kagabi.

They had barely left the *NAIA* nang tumawag si Tito H—ang talent manager ni Rufus nitong nakaraang pitong taon niya sa showbiz—saying something about an appointment he’d had to schedule for Wednesday, May the 28th.

Meaning *today*.

Would it be possible na maka-attend siya rito?

Rufus had said no, hung up, and *thought* that was the end of it. Dumerecho na siya sa kanyang condo at natulog. He left first thing in the morning. May usapan na sila ni Tito H. Ilang buwan na rin niyang inuulit-ulit, parang sirang plaka, na dapat *On Leave* siya para sa May 28. Walang surprises. Walang sudden, urgent interviews o special appearances para

sa araw na ito.

Yet, Tito H, apparently—via Jopet, na alam ng manager na itinuturing ni Rufus na nakababata na niyang kapatid—was not to be deterred.

“Kailangan n’yo raw pong um-attend, Kuya!” nanggagalaiting patuloy ni Jopet. “Ang sabi ni Tito H—”

“Wala akong pakialam kung ano’ng sinabi ni Tito H,” pakli niya. “Jopet, I’m still not going, and that’s final.”

“Pero...”

At sa isinunod ng PA sa ‘Pero’ na iyon, sukat napabiglang preno ang *Jaguar* na minamaneho ng binata.

May 28, 2:47 p.m.

Iyon ang oras ng pinakamaagang *YouTube* upload date ng amateur video kung saan nakunan ang aktor na si Rufus Espinosa na galit na binubulyawan ang manager nito—at ang subsequent na pagsugod ng isang naka-bestidang dalaga sa eksena. Assumed na isa sa mga guests ng resort ang nag-record at nag-post noon sa Internet.

Nang tanungin, mariing pinabulaanan ng management ng *Florentino Hot Springs* ang posibilidad na isa sa mga empleyado nila ang nakapag-upload ng video. Noon at magpahanggang-ngayon, anang spokesperson ng resort, pinahahalagahan at pinangangalagaan ng *Florentino* ang privacy ng mga customers nito.

Maanupaman, walang kaduda-dudang mabilis na kumalat ang naturang video, mapa-cellphone man, social networking sites, at maging sa mga karibal na istasyon ng *MBC*.

“Sikat na aktor, nagwala sa isang resort sa Tagaytay!” sigaw ng isang tabloid.

“Un-angelic behavior from the Philippines’ Matinee Angel?” tanong ng isang article sa popular na Pinoy entertainment website, *pent.com.ph*.

“Video of ‘Magic Star acting out doing the rounds of YouTube, file-sharing sites,” anunsyo ng isang kolumnista sa e-section ng isang daily broadsheet.

Sa loob ng isang linggo mula nang—to coin a popular showbiz phrase—‘pumutok ang isyu’, sa halip na ma-diffuse ay lumala pa iyon. Hindi nakatulong ang pananahimik ng kampo ni Rufus hinggil sa ‘incident’, maliban sa nominal na press release ng

manager nito na ‘under severe stress at the time’ ang alaga, and that ‘the perceived outburst was due to a gross and unfortunate misunderstanding between the parties involved.’

Hindi rin nakatulong na hindi direktang naabot ng mga reporters ang naturang aktor upang magkomento. For most of the following week kasi ay nasa Shanghai, China ito, para sa taping ng isang upcoming TV special sa *MBC*.

By the time na muling makauwi ng Pilipinas si Rufus, hindi lamang ang ‘perceived outburst’ nito ang focus ng mga haka-haka ng madlang people. Pati ang ‘misteryosang dalaga’ na nanugod sa aktor ay ginawang point of discussion na rin ng mga ito.

“*Yeshua, nakabuntis daw!*” ngayo’y bandera ng parehong tabloid.

“*Rufus, mum about video’s Lady X, non-showbiz girlfriend,*” bira naman ng *pent.com.ph*.

“*So who’s the girl at the end of the vid?*” usisa ng isa pang entertainment columnist sa diyaryo.

Siyempre pa, hindi rin magpapahuli ang mga writers ng chismis shows sa TV:

“*Sino ang babaeng ito?*” maintrigang voiceover

ni Joy ‘Spicy’ Lopez, ang pambansang ‘Gossip Gay’ ng Pilipinas, sa *TKT: Tapatan Kung Tapatan Extreme!* afternoon show nito.

Onscreen, naka-slow-motion na ini-replay ang pahuling bahagi ng now-notorious na Tagaytay video. Isang babaeng naka-bestida—si ‘Lady X’. Balingkinitan ang pangangatawan ng dalaga, katamtaman ang tangkad, nakalugay ang maitim at alon-along buhok na lagpas-balikat ang haba.

May split-second na napaharap ang mukha nito sa camera, bagay na nilapatan ng blur effect ng *TKT* editing team sa ngalan ng good journalistic practice. Not that it *was* needed, considering na lubhang madilim, pixellated, at mababa rin ang kalidad ng orihinal na videoclip na nag-circulate online.

“May isang linggo na ang nakalilipas mula nang kumalat sa Internet ang video footage ni Matinee Angel Rufus Espinosa na nakikipagtalos sa kanyang manager, si Mr. Harold Api,” salaysay ni Spicy. *“Video na nagbunsod sa usap-usapang nagkakalabuan na raw ang star ng Color of Magic sa long-time talent handler nito.”*

Sasapit ang video sa punto kung saan may isinubsob na puting tarheta si Lady X sa aktor.

“And while the manager himself has spoken to deny such claims, may pangalawang anggulo na nabuo sa pagsulpot ng isang babae sa dulo ng video clip.”

Nag-freeze-frame ang screen. May bilog na linya na pumaligid sa ulo ni Lady X, highlighted pa lalo sa dagling pagdidilim ng ibang mga elemento sa shot.

“Ito ngayon ang tanong ng sambayanan...” Spicy’s voice ominously intoned. *“Ang babaeng ito kaya ang dahilan ng di umano’y ‘hindi pagkakaunawaan’ ni Rufus at ni Tito H? Totoo ba ang mga sabi-sabi na may non-showbiz girlfriend ang aktor na pilit ipinapatago ng mga handlers ni Rufus sa ngalan ng love team nito kay Leigh Ibarra? Ano kaya ang ibinigay ng babaeng ito kay Rufus bago iwanang speechless ang Matinee Angel ng Masa?”*

Sa saliw ng mala-James Bond na theme song ng show, nag-transition ang screen sa title nito.

“Alamin! Bulatlatin! Kilatisin! Sa pagbabalik ng... T! K! T!”

Isang commercial ang sumunod.

Nakaupo sa isa sa mga plastic chairs sa canteen ng *Hospicio de Sta. Maria Euphrasia* ang twenty-one years old na si Cherry Macasero. Napasipol ang dalagang guro, social worker, at volunteer sa

nasabing pasilidad pagkapanood ng chismis. Hindi ito ang 'Lady X' ng Tagaytay video. Bukod sa maigsi nitong buhok na dyed mahogany brown, ang moda ni Cherry ay hindi nalalayo sa beads, skinny jeans at purple t-shirt na sinabuyan ng glitters ang harapan. Tanging sa bangungot lamang nito maaatim magbestida.

Tinalikuran nito ang TV set na naka-mount sa istante upang balingan ang kasamang nakapanood din ng palabas na, not quite incidentally, naka-bestida.

“Pumayag ka nang magpa-interview sa kanila, Ali?”

“Siyempre hindi,” tugon ni Alicia Dalisay, piyanista at isa ring volunteer sa hospicio.

Nakapuyod ang maitim at lagpas-balikat na buhok ng dalaga. Simpleng high-collared blouse, knee-length skirt at open-toed pumps ang attire niya sa hapong iyon, hindi na nalalayo sa puting bestidang isinuot niya more than two weeks ago sa *Florentino Resort*. Needless to say, siya po si 'Lady X'.

2

Kunot-noong pinasadahan ni Alicia ng tingin ang notebook na pinagkakaabalahan niya. Nakalista roon ang contact details ng caterer, ng supplier ng mga balloons at party favors, at ng bakery na magdeliver ng cake para sa birthday party ng batang si Niña sa Biyernes, two days away. Alicia pursed her lips.

Niña.

Kakatwang isipin na nag-ugat ang gulo dahil kay Niña, ang nag-iisang batang residente nila roon sa hospicio at the moment. Tatlong beses sa isang linggo ay tinu-tutor nilang magkaibigan ang bata, si Cherry sa academics, si Alicia sa music. May recital pa nga silang mag-guro sa kaarawan nito.

Si Niña, na, gaya ng milyon-milyong TV viewers sa Pilipinas, ay masugid na tagasubaybay ng mga adventures ng anghel-turned-madyikero na si Yeshua de Dios sa teleseryeng *Color of Magic* sa Channel 8, sa *MBC*.

Niña, for whose sake ay sinubukan nilang makipagtagpo sa aktor na gumanap bilang ‘Yeshua’,

na si Rufus Espinosa, upang pakiusapan sanang dumalo sa ika-siyam na birthday party ng bata.

Yes, at ano'ng napala namin for all that trouble? napasinghot na tanong ni Alicia sa sarili.

Disillusionment.

At ang imbiyernang Tagaytay video scandal na ginawa pang topic of the day ng isang popular na showbiz intriga program sa telebisyon. She heaved a rueful sigh.

“Natawagan na ba natin ang *Marbie's*?” tanong na lang niya kay Cherry.

“Oo. Si Ma'am Cata pa mismo ang nag-follow-up. Bale tatawag din daw sila bukas para i-confirm kung ready-for-delivery na 'yung cake dito.” Nag-unat-unat muna si Cherry saka muling tiningala ang TV. “Pero seryoso, ano kaya'ng i-re-reveal ni Spicy tungkol sa 'yo?”

“Ewan.” Nagkibit-balikat si Alicia. Kumurap. “Naibigay na natin 'yung additional down payment na hinihingi ng caterer, di ba?”

“Yup. Ka-wi-withdraw lang ni Mommy Vee today.” Muling siyang tinitigan ni Cherry na para bang amused sa thinly-veiled attempts niya na ibahin

ang topic ng kanilang usapan. “Itabi mo na nga ’yang notes mo, Ateng. You of all people should know na handang-handa na tayo para sa party ni Niña since *forever ago.*”

“It wouldn’t hurt to double-check,” ani Alicia, subalit tumalima na rin at inilapag ang notebook niya.

Tinapik niya ang harapan ng suot niyang blouse. Sa ilalim ng tela, nakasabit sa isang simpleng metallic chain, ang singsing na ihinabilin ni Bochok sa kanya, labing-apat na taon na ang nakakaraan. Si Bochok, na si ‘Rufus Espinosa’ na ngayon, isang major, major star, na as it turned out, ay isa rin palang major, major jerk.

Hay, totoo pala ang kasabihang ignorance is bliss, anang dalaga sa sarili.

Better kung hindi na lang niya muling nakatagpo ang itinuturing niyang childhood best friend after all these years. Kaysa mapag-alaman, within seconds of the said ‘meeting’, na lumaki pala itong antipatiko.

Sa TV, natapos na ang parada ng mga patalastas. Bumalik ang *TKT* segment ni Spicy sa *MBC*, na this time ay hinihikayat ang mga televiewers na mag-text o mag-phone-in ng mga komento sa numerong naka-display sa screen. Sinimulan din ng host na

kapanayamin ang mga audience na nasa loob ng studio.

“Para po sa akin,” panindigan ni ‘Tootsie’, isang de-blond-highlights na babae onscreen, *“well, sa palagay ko, eh, dapat hintayin muna nating marinig ang side ni Rufus sa nangyari.”* Tangan nito ang pagitnang bahagi ng isang mahaba-habang tarp na nagproklamang kasapi ito ng isang liga na *Proud to Be Rufus’ Angels*.

“Tisa lamang bahagi ng kuwento ang ipinapakita ng video. Hindi fair na hatulan natin siya dahil lamang sa isang bagay na manager na niya mismo ang umamin na isang malaking misunderstanding. Naniniwala kami na lalabas at lalabas din ang katotohanan. The truth shall set Rufus free! Mabuhay!” patuloy ni Tootsie.

Eksaktong naki-cheer ang mga kasamahan nito.

“Mabuhay!”

Nag-zoom-in ang camera sa isa pang canvas poster na iwinagayway ng isa sa mga naki-asento.

Medium shot ni Rufus Espinosa in typical ‘Yeshua de Dios-as-angel/magician’ costume na black swallowtail suit, silvery-gray waistcoat, and white gloves. Sa kaliwang kamay ay tangan ng aktor ang isang ibinaliktad na top hat kung saan nagsulputan

ang tatlong kalapati at isang cute na puting kuneho. Sa kanan ay may hawak itong isang asul na rosas na may mahabang tangkay.

And the angelic visage of none other than Rufus himself stared at the viewers. Mestizo, square-jawed at matangos ang ilong, maamo ang mga mata, at malalim kung tumitig. May buhok ito na kasing-itim ng gabi, kulot, umaabot hanggang sa leeg nito. Sensual ang mga labi ng guwapong aktor.

Saksakan ng guwapong aktor, to be more precise.

Sa kabila ng galit niya sa pangit na ugaling ipinamalas sa kanila ng aktor noong makasaysayang Miyerkules na iyon, hindi maikakaila na biniyayaan ito ng Maykapal ng nag-uumapaw na kagandahanglalaki. At ang kasuka-sukang kaguwapuhang iyon ang nag-iisang bagay na walang pinag-iba sa real-life Rufus na nakaengkuwentro nila ni Cherry sa *Florentino Resort* at sa poster-Rufus na iniirapan ni Alicia sa TV ngayon.

The rest? Alicia stifled a snort. *Ay, naku.*

“Kaka-disappoint, ano?” sabat ni Cherry, na para bang nadinig ang iniisip niya. Dismayadong sinimangutan nito ang imahe ng aktor sa TV. “Hay, Papa Ru, Papa Ru, kung alam ko lang na gan’on ka

pala kasungit sa personal, hindi na sana kita naging crush nang todo. Hindi na rin sana ako nangolekta pa ng mga posters at memorabilia mo, hmp! Ang dami ko tuloy itatapon!”

“I-recycle mo na lang,” patay-malisyang mungkahi niya. “Gamitin mo sa target practice sa firing o archery range ’yung mga posters niya. ’Yung mga pictures niya, idikit mo sa dartboard. Tapos ’yung t-shirt na may mukha niya—”

“Gawin ko na lang basahan, gan’on?” Napatawa si Cherry. “Eh, ano’ng gagawin ko d’un sa mga images na naka-save sa cellphone at PC ko?”

Malamig na ngumiti ang tinanong. “Marunong kang mag-*Macromedia Flash*, di ba? Natatandaan mo ’yung online game na titirahin mo si Bush ng sapatos?”

“Kaloka! May evil side ka rin pala, Ateng!”

“Slight.”

“Slight, daw, o,” ani Cherry. Humalumbaba ito, napaisip. “Pero nakakapanghinayang, ano? Cool nga sana kung special guest si Rufus sa birthday party ni Niña.” Nag-pause ito sumaglit. “So long as umarte siya na mabait na anghel sa harap ng dalaginding natin, at hindi ’yung antipatikong nakaengkuwentro

natin d'on sa resort.”

Umiling si Alicia. “Hindi, mas mainam na 'to. Kesa naman makasalamuha pa ni Niña ang gan'ong klase ng tao.”

“Sino, 'Te? Si Rufus?”

Napapitlag sila.

Si Niña, of course, ang nagsalita. Naka-wheelchair na pumasok ang bata sa entrada ng canteen. Gaya nang una niya itong masilayan, muling sumagi sa isip ni Alicia kung gaano ito katulad ng isang munting prinsesa, may malubhang sakit man o wala.

Parang manyika ang mukha ng bata, makipot ang bibig, maliit ang ilong. Patpatin ito at maputla, maliit kumpara sa mga kasing-edad nito, ngunit pino at banayad kung kumilos, maayos ang postura, at may tahimik na dignidad na animo'y permanenteng nakabalabal sa mga balikat nito.

“Biglang nagutom 'tong si Ganda,” ani Mommy Vee, na kasunod lang nito, fresh mula sa pasyal nilang mag-ina sa hardin ng hospicio.

Masuyong hinaplos ng ginang ang buhok ng anak. Serenely beautiful sa edad na *treinta y cuatro*, slim and petite pa rin ang pangangatawan ng babae.

Pitong taon na itong tumatayo na parehong ina at ama ng bata. Isang mananahi at magbuburda, minana ni Niña ang makislap at mapupungay na mga mata nito. Mapupungay na mga matang ngayon ay alalang nakatuon sa naturang anak, na nagpatiuna at kusang inabante ang wheelchair papalapit kina Alicia at Cherry.

“Totoong mabait si Rufus, Ate Alicia, Ate Cherry,” taimtim na patuloy ni Niña. “Sabi sa ’kin ni Mercy, mainit lang daw ang ulo niya noong time na ’yon, kaya siya nagsungit,” tukoy muli ng bata sa long-time imaginary friend nito. “Dapat daw bigyan natin si Kuya Rufus ng chance na mag-sorry. Sooner or later daw, eh, gagawin niya ’yon. Sure si Mercy d’on, ’Te.”

Quickly trading glances with Alicia, nakisakay na rin lang si Cherry.

“Gan’on?” pabirong untag ng dalaga. “Eh, ’yung mananalong number combination sa lotto this weekend, sinabi na rin ba sa ’yo ni Mercy?”

“Paano naman malalaman ni Mercy ’yon?” bitiw ni Niña, looking mildly confused.

Itinaas ni Cherry ang isang kamay. “Binibiro lang kita, sorry!” Humagikgik ito, saka nagkibit-balikat. “Pero, I admit, agree ako d’un sa latter half

ng argumento mo—este, n’yo—ni ‘Mercy’. Kahit anupaman ang totoong ugali ni Papa Ru, kailangan natin siyang bigyan ng pagkakataon to air his side of the story.” Makahulugan nitong tinapunan ng tingin si Alicia. “Hindi ba?”

*Ako, sasang-ayon sa isang imaginary friend?
Nunca!*

“Siguro,” aniya, para lang maisara na ang diskusyon nila hinggil sa aktor.

If—and that’s a big IF—may balak ngang humingi ng dispensa ’yung taong ’yon.

Given na personal na nabigyan si Alicia ng patikim kung gaano ka-bloated ang ego ng Rufus na iyon, hindi na siya aasa pang hihingi ito ng dispensa.

“Anyway,” patuloy niya, changing the subject, “napili mo na ba ang dress na isusuot mo sa party mo, Niña?”

“Oo naman, Te,” tugon nito. Ang ngiting ibinalik nito kay Alicia ay banayad, mahiwaga. “At ikaw rin, sabi ni Mercy, dapat maganda ang suot mo.”

“Hmm?” Kumurap ang dalaga. “Well, sige. Para sa ’yo. Kaarawan mo, eh.”

“Tama, kaarawan ko nga, ‘no?’” bitiw ni Niña.

Magic Of Love - Monica Bautista

Tumangu-tango ito sa sarili, the calm, inscrutable smile never leaving her young face.

3

Tagaytay, ika-28 ng Mayo.

Parang eksenang naka-slow motion, pilit ini-replay ng diwa ni Rufus ang mga nangyari.

Tagaytay.

Binati na siya ni Tito H pagpasok pa lamang niya sa main lobby ng Florentino Hot Springs.

“You’re late,” mapangaral na bitiw nito. “How unprofessional. Nag-iwan ako ng messages sa lahat ng cellphones mo clearly stating you ought to be here at exactly ten a.m., hindi ba?”

“At kahapon ko pang sinasabi na hindi ako pupunta,” Rufus pointed out irritably. “Alam mo kung bakit.”

Tito H shrugged. “And yet, nandito ka.”

“Dahil sisisantihin mo raw si Jopet pag hindi niya ako nakumbinsing pumunta rito!” bulalas niya, tuluyang napikon sa kalmadong façade ng manager. “And I know you well enough to be sure you’d make good on that threat,” ang unspoken, ngunit understood na tingin ng binata.

“Ah, ’yon ba? Binibiro ko lang siya n’on,” pa-inosenteng balik ni Tito H. “Most unfortunate na sineryoso ni Jopet iyon. But it did get you here. That boy deserves a raise, I think.”

“Bullshit,” darag ni Rufus. “Ayokong makipaglokohan, Harold. Ano ’to, ha? Hindi ba nagkaintindihan na tayo na hindi ako tatanggap ng kahit anong commitments ngayong araw na ’to?”

“Kung binasa mo ang mga messages na pinadala ko, you’d know,” walang-kakurap-kurap na usal ng manager. “But you didn’t, obviously, and you’re late as it is, so halika na lang at sumunod ka sa akin. May mga importanteng bisita tayo at—”

That did it.

“Importante?” singhal niya. “Importante? Sino? Sponsors? Mga ad execs? Did you even bother telling them na on personal time-off ako today?”

“No, hindi sponsor ’to,” mariing tanggi ni Tito H. “Look, pumasok na muna tayo sa loob at nang makita mo—”

Ngunit sobrang init na ng ulo ni Rufus para makinig pa.

“Isang araw lang, Harold, that was all I asked,”

inip na pakli ng binata. “Isa lang. Tapos hindi mo pa ’yon maibigay sa ’kin? Before I left for London, you assured me na na-clear mo na ang sched ko for today, ’tapos heto, in-e-expect mo na papatikar ako rito at the drop of a hat, the minute you decide otherwise?”

“Rufus—”

Akmang hihilahin na siya ng manager, subalit iniwasan niya ito. “Hindi. No, hindi ako papasok d’yan hangga’t hindi mo sinasabi sa ’kin kung sino’ng pa-importanteng ewan ang nasa—”

“M-Mister... Harold?”

Lumingon sila pareho. May dalawang babaeng nakatayo sa bukana ng pasilyo. Ang tumawag, na mas maliit ang katawan at kaswal ang pananamit, tila atubili kung kakaway o ipagpapatuloy na lang ang pagmulagat sa kanila.

Kabalintunaan ng ginawa ng nakabestidang katabi nito, na halos padabog na sumugod sa kanya. Up close, nabatid ni Rufus na maganda ang dalaga, morena, malamang ka-edad niya. Salubong ang kilay na inirapan siya nito, nangangatal nang bahagya ang mga braso sa galit. Kung puwedeng makapaslang ang tingin, tiyak na kanina pa siya nalagutan ng hininga.

“Heto.”

Sing-bilis ng kidlat, may isinalpak itong kung ano sa dibdib niya. Puti, may samyo ng bulaklak, gawa sa papel. Dali-daling sinalo iyon ni Rufus bago mahulog.

“Nand’yan ’yung sagot sa mga tanong mo,” kung puwede lang ay patungyaw na bitiw ng dalagang nag-abot niyon.

Iyon lang, at walang pasintabing umalis ito. Sinundan ito ng kaibigan, na bahagyang tinanguan si Harold bago sila nilayasan.

“Alicia, wait!” the girl called. “Alicia!”

Feeling the onset of dread, in-examine ni Rufus ang bagay na iniabot sa kanya ni Miss Bestida. Isang envelope. Nakasulat sa likod, sa maingat at kurbadong sulat-kamay ng isang bata, ang pangalan ng karakter niya sa Color of Magic.

To: Yeshua

May maliit na rainbow-designed decal sa sulok niyon. Decals are a special type of sticker na puwedeng ikapit sa glass, porcelain, o kahit sa metal. Sa loob ng sobre, naroon ang isang nakayuping card, makulay, pinunan ang mga patlang gamit ang pentel pen.

Come to My Birthday Party

Iyon ang naka-imprensa sa itaas, katabi ang mga cartoon drawings ng clouds, rainbows, at mga balloons.

Tila may batong biglang namuo sa gilagid ng aktor.

“Well, Rufus,” samantala’y mahinahong anas ni Tito H sa tabi niya, “Obvious na, so I guess I don’t really need to point out na malaking pagkakamali ang nagawa mo, do I?” Nanatiling neutral ang mukha nito, walang mababanaag na bakas ng pag-aalala sa posibleng dagok sa reputasyon ng alaga sakaling maisapubliklo ang kagaganap lamang. Bumuntong-hininga ito. “But I’ll still say it. You screwed up, Rufus. Big time.”

And it was a big-time screw-up. Ano pa ba ang puwede nilang itawag doon? He had jumped to conclusions, gayong kaya pala siya biglang ipinatawag ng manager ay upang paunlakan ang kahilingan ng isang batang babaeng may malubhang sakit sa puso.

Hindi bagong sponsor. Hindi rin mga ad execs. Of all the times he had chosen to act like a total bastard,

nangyari pa iyon sa harap ng mga taong nais lamang pasayahin ang isang bata sa kaarawan nito.

Birthday.

Muling sumagi sa isip ni Rufus ang isa pang alaala.

“Birthday?” takang ulit ng mag-o-onse años niyang sarili sa bago niyang mga magulang.

“You’re turning eleven next month, right?” untag ni Vicente Espinosa, ang kanyang ‘Papa’. “Iyon ang petsa sa birth certificate na ibinigay sa amin ng mga madreng nag-aruga sa ‘yo.” Isang Hawaii-born na negosyanteng yumaman sa sariling sikap, hindi ito palangiting tao ngunit laging mahinahon kung magsalita at napakamaunawain. “That being said, Son, sinu-sino nga ba ang gusto mong imbitahin sa party?”

Pumalakpak ang tainga niya pagkadinig doon. Mahigit anim na buwan na siyang namamalagi sa poder ng pamilya Espinosa at sa panahong iyon ay parang tunay na anak na angtrato sa kanya ng butihing mag-asawa. Subalit hindi pa rin siya ganap na sanay sa bago niyang buhay—ang madulas at makintab na marmol na sahig ng mala-palasyong bahay ng mga Espinosa, ang mga kasambahay na nag-aayos ng silid-tulugan niya at naghahain ng kanyang pagkain sa

araw-araw, ang mga bagong damit at laruan.

Walang araw na dumaan na hindi niya na-mi-miss ang mga kaibigan niya sa bahay ampunan— sina Cocoy, Mark, Nadya. Nangungulila rin siya kay Sister Joanna at sa iba pang mga madre, kahit kay Sister Helga na ubod ng sungit...

At siyempre, na-mi-miss lalo niya si Sha-Sha.

”Puwede ko hong imbitahin kahit sino?”

“Kahit sino,” asento ng kanyang ‘Mama’, si Mercedes Espinosa. “Of course.”

“Maaayos din natin ito,” Tito H was saying. “We’ll be making our move very soon. If all goes as planned, Rufus, we could turn this around. Nakikinig ka ba?”

Sa huli, direktang tumingin ito sa kanya, tila natunugan ang paglalakbay ng diwa niya.

“Oo, Harold,” tugon niya.

Since yesterday morning, nang sunduin siya ng manager sa NAIA, makailang beses nang naulit ng talent manager ang parehong sermon sa kanya.

Ngayon, sakay sa itim na Audi A4 galing sa isang meeting with two advertising executives representing McJolly Foods, isang international fastfood chain na

i-e-endorse sana niya, mas memoryado pa ni Rufus ang litanya ni Tito H kaysa sa script ng sunod niyang proyekto.

I'm in no position to complain. I brought this on myself, after all, aniya sa sarili.

“Dapat lang,” ani Tito H. Dinugtungan pa nito ng part two ang pamilyar na sermon. “Look at what happened barely a week after that... that fiasco.” Bumuntong-hininga ito pero nanatiling composed at mahinahon ang tono.

At forty-five, Mr. Harold S. Api was not what one would call emotional or expressive. Gayunpaman, batid ni Rufus ang obvious distress nito sa sitwasyon.

“We could have clinched the product endorsement deal with *McJolly Foods* by this time. Pero ngayon, no thanks to that damning video of yours, hindi lang nila gustong babaan ang talent fee mo, they've also decided to delay all further negotiations hanggang maresolba ang issue.”

“I know.” Napayukod si Rufus. “And once again, I'm sorry.”

He meant it, too. Sorry siya hindi lamang dahil nagawa niyang sumbatan ang manager na simula't sapul ay nagpalago at pumatnubay sa kanyang acting

career.

He was also sorry sapagkat parang tangang pinairal niya ang init ng ulo bago inalam nang husto ang sitwasyon. Lalo pang masaklap, nagawa niya iyon sa isang lugar na matao and without any regard kung sino ang nakakita.

“Heto.”

In his mind’s eye, dagling nagunita ni Rufus ang babaeng biglang sumugod sa kanya sa entrada ng *Florentino Resort*.

Ang bilugang mga mata nito, malamig kung tumingin, nanunumbat. Dismayado.

“Nand’yan ’yung sagot sa mga tanong mo.”

Ano nga ba ulit ang pangalan nito? Ang ipinantawag ng kasama nitong babae rito? Alicia, right?

“You should have known better,” bitiw ni Tito H, na tinanggap ang sorry ni Rufus with his typical dispassionate shrug. “Pero nangyari na ang nangyari, nandiyan na ’yan, wala na tayong ibang magagawa except deal with the consequences. At least, hindi pa umaaray sa atin ang ibang mga accounts na in-endorse mo.” Ini-adjust nito pataas ang suot na

salamin. “If we could fix this mess before the week ends—which we will—then I’d say wala na tayong problema. Especially by the time na mag-air ang finale ng *Magic*.” Nasa tanawin sa labas ang tingin nito.

Pinabagal ng rush hour traffic ang pagbagtas ng kotse nila sa konkretong tulay sa taas ng *Ilog Pasig*. Naka-display sa gilid ng isang mataas na gusali ang isang billboard ni Rufus para sa isang brand ng men’s cologne.

“Just do your best, Rufus,” patuloy nito. “Ayokong masira ang career mo just because of that one stupid mistake. Prove to me na deserving ka sa kasikatang tinatamasa mo ngayon.”

“Yes, Tito H.” Tumango siya. “I will.”